


Pagsunod kay Jesus sa

# Thailand

## Paano Sinusunod ni Panya si Jesus

Inanyayahan ni Panya ang pinsan niya na sumama sa kanya na magsimba. Kapag dumarating ito, ipinadarama ni Panya rito na tanggap siya. Tinutulungan niya itong makilala ang iba pang mga bata sa Primary at makipagkaibigan.

Sa bahay, tumutulong si Panya sa pamamagitan ng paglilinis ng kanyang lunchbox at sapatos. "Masaya ako kapag tumutulong ako," sabi ni Panya. Nakatira siya sa tita at lola niya, at gustung-gusto niyang tumulong sa kanila. Itinutupi rin niya ang kanyang kumot tuwing umaga.

Pumanaw ang nanay ni Panya kailan lang. Kapag nangungulila si Panya sa nanay niya, tinutulungan siya ng tita niya na magdasal sa Ama sa Langit. Nadarama niya na may nagmamahal sa kanya matapos magdasal. "Kapag nagdarasal ako, pakiramdam ko ay kasama ko si Jesus," sabi niya. ●



Si Panya kasama ang kanyang lola at tita.

### Maaari Mo Ring Sundin si Jesus!

Ano ang isang bagay na nagawa mo para masunod si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




### Tungkol kay Panya

**EDAD:** 7

**MULA SA:** Nonthaburi, Thailand

**WIKA:** Thai

**MITHIIN:** Maging interior designer at magdekorasyon ng mga kuwarto sa mga bahay at gusali

**MGA LIBANGAN:** Magsayaw, magbisikleta, mag-aral na tumugtog ng piyano, lumangoy, magbasa, at taekwondo

**PAMILYA:** Panya, tita, at lola

### Mga Paborito ni Panya

**KUWENTO NI JESUS:** Noong bininyagan Siya (tingnan sa Mateo 3:13–17)

**HOLIDAY O TRADISYON NG PAMILYA:** Pasko at mga pagbiyahe ng pamilya

**PRUTAS AT GULAY:** Mga berdeng ubas at pipino

**KULAY:** Lila

**AWITIN SA PRIMARY:** "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 99)